

# Sikolohiya ng Katutubong Panggagamot ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte

Asia Pacific Journal of  
Management and Sustainable  
Development  
Vol. 9 No. 1, 17-25  
March 2021  
ISSN 2782-8557 (Print)

**Aldwin B. Amat**

College of Arts and Sciences, Leyte Normal University, Tacloban City,  
Philippines  
aldwinamat\_777@gmail.com

Date Received: October 14, 2020; Date Revised: January 11, 2021

**Abstract-***This study aims to gather ethnic-related information which describes the native medical practices of the Taclobanon. The narratives that were gathered in this study form a big part in the preservation and development of local literature. The researcher used the ethnographic research design wherein the City of Tacloban, located in the Northern part of Leyte served as the research locale. Purposive sampling was used in determining the informants of the study based on the following: (a) age, 55-above, (b) elder with knowledge on native medical practices, and (c) length of residence in Tacloban. The results of the study showed that these medical practices are still being done at present by the Taclobanon. The common medical practices are known to them as “pagluon” or pagluob, “pagtayhop” or pagbuga, “pag-uslob,” and “pagpagaspas.” These medical practices were being accompanied by “bulong”, an act of whispering to some parts of a person’s body during the course of healing or manipulation administered by an elderly with knowledge on the said medical practices and by faith healers known to them as albularyo. To avoid kulam, a term associated with black magic that affects the health of a person done by a sorcerer and by some unseen bad elements or unnatural beings, and “hiló” or poison, the folks tie a “relikyas” or anting-anting around their waist to protect themselves. In relevance with this study, it is very important to document the ethnic medical practices for the enrichment of local literature and cultural knowledge of Filipinos.*

**Key words:** bulong, ethnic medical practices, Taclobanon

**Abstrak-** Ang pag-aaral na ito’y naglalayong likumin ang impormasyong pang-etniko na tumatalakay sa malalim na pag-uugat sa katutubong panggagamot ng mga Taclobanon. Ang pangngangalap ng mga salaysayin kaugnay sa panggagamot ay inaasahang magiging bahagi sa preserbasyon at pagpapaunlad ng panitikang lokal, pagpapalakas ng katutubong kaalaman at kasanayang kultural. Ginamit ang desinyong etnograpiya sa pag-aaral na ito. Ang Lungsod Tacloban ng Hilagang Leyte ang napiling lokal ng pag-aaral. Purposive sampling ang pagkuha ng impormante batay sa sumusunod (a.) edad 55-pataas (b.) matatandang maalam sa panggagamot at (c.) haba ng taon sa paninirahan. Lumabas sa pag-aaral na buhay na buhay pa ang katutubong panggagamot ng mga Taclobanon, ilan sa mga paraan ng panggagamot ay “pagluon” o pagluob, “pagtayhop” o pagbuga, “pag-uslob” o pagpapainit sa baga ng mga halamang gamot at pagpahid nito sa katawan ng pasyente, “pagpagaspas” o pagpaspas. Sinasamahan ang panggagamot ng bulong na pinangangasiwaan ng matatandang maalam sa panggagamot at albularyo. Upang makaiwas sa kulam at lason ay may itinataling relikyas o anting-anting ang mga taganayon, ang relikyas ay maaaring tela na binalutan ng dinasalang papel at lana. Kaugnay nito, Mahalagang maidokumento ang katutubong paraan ng panggagamot para sa pagpapayaman ng panitikang lokal at kultural na kaalaman ng mga Pilipino.

**Mga Susing Salita-** Taclobanon, panggagamot, bulong

## INTRODUKSYON

Sa kontekstong Pilipino, malalim ang pinag-uugatan ng pagkakasakit ng isang indibidwal. Ito ay nakaugat sa relasyon ng tao sa kanyang kapaligiran [1]. Sa mga liblib na lugar tulad na lamang sa kanayunan, ang `di pangkaraniwang karamdaman lalo na kung ito ay hindi nagagamot ng medisina ay madalas iniuugnay ito sa naengkanto, nakulam, napaglaruan ng masamang espiritu at iba pa.

Mababatid sa kasaysayan ng Pilipinas na noon pa man ay maituturing na katutubong mangagamot ang babaylan, isang taong may kakayahang gumamot ng kaluluwa at sakit ng tao. Isang hindi pangkaraniwang babae, lalaki, o binabae na nagsisilbi sa pamayanan sa pamamagitan ng pagiging isang tagahilom ng mga may sakit na mamamayanan, tagapagtago ng karunungan, at taong nagbibigay ng katatagan sa estruktura ng

lipunan. Sila ay may kakayahang pumasok sa mundo ng mga espiritu. Kaya niyang maglabas-masok sa nasabing mundo nang walang sagabal. Isa siyang babaeng may malawak na kaalaman sa gawain sa lipunan [2]. Sa kasalukuyan, inilalarawan ng *World Health Organization* (WHO) [3] na ang katutubong paraan ng panggagamot ay kabuoang kaalaman at kaugalian na maaaring maipaliwanag o hindi, na ginagamit sa pagtukoy sa anumang pisikal, mental at sosyal na karamdaman. Ang ganitong kaugalian ay mula sa mga karanasan at obserbasyon ng mga katutubo na nagpasalin-salin sa loob ng henerasyon sa pamamagitan ng pasalita at pasulat. Ang ganitong kaugalian ay mga katutubong paniniwala ng isang bansa. Ang tradisyonal na gamot ay kadalasan ginagamit bilang pangunahing lunas sa mga karamdaman.

Ang Tacloban ay itinuturing na *Highly Urbanized* na Lungsod ng Silangang Visayas batayan dito ang dami ng naninirahan at mataas na kita nito ngunit sa kabila ng pagiging maunlad ng bayang ito ay natatangi rin ang mayaman na paniniwala ng mga Taclobanon kaugnay sa katutubong panggagamot tulad na lamang sa hilot, suob, orasyon at iba na madalas pinamamagitan ng albularyo. Sa katunayan, nabanggit sa pag-aaral nina Tan na sa lalawigan ng Leyte ay mahusay na *community health workers* ang mga *tambalan* at may malalim sila na debosyon sa Panginoon. May mga pag-aaral na nagsagawa rin kaugnay sa pagsasakatutubo ng paraan ng panggagamot sa ilang lalawigan ng Pilipinas na nagsilibing sanligan sa pag-aaral na ito tulad na lamang sa pag-aaral ni Villapa [4] na naglalayong maitala at mapag-aralan ang tatlong uri ng kasanayan sa katutubong medisina at pamamaraan ng panggagamot ng mga Palawan sa bayan ng Brookes Point at Bataraza, Palawan. Naitala ang tatlong paraang ng panggagamot na isinasabuhay pa rin ng mga Pala`wan tulad na lamang sa tawar, baklat at parimanes, nakaugat sa panggagamot ang kanilang pinagmulan o pinanggalingan ng kanilang kalinangan. Nabatid din sa pag-aaral ni Zafra [5] ang paniniwala sa pambubulong tungkol sa kultura ng tradisyonal na panggagamot sa Pagbilao, Quezon, sa pamamaraan ng panggagamot gaya ng panggagamot sa tuklaw ng ahas, pagbubuga ng balis, panggagamot sa lason o ugan, hilot, at pagsusuob ng taong nagalaw ay buhay na buhay pa rin ang tradisyonal na paraan ng panggagamot sa nasabing bayan dahil na rin sa matinding paniniwala, usaping pinansiyal at komportableng pakikitungo ng mga albularyo. Binigyang-pansin naman ni Paderan [6] ang

tungkol sa *folklore* ng pambubulong ng mga manggagamot sa bayan ng Bato, Camarines Sur. Ginamit niya ang pamaraang pangongolekta, pagsasalin at pagsusuri sa mga salimbibig na pambubulong at lumabas sa kanyang pag-aaral na ang mga uri ng katutubong panggagamot ay mga naratibong “Ukay,” “Pag-inbang,” “Pagpamundag,” “Santigwar,” at “Pagpangadyi.” Inreremomenda sa kanyang pag-aaral na maitala ang mga salaysayin sa panggagamot sapagkat ang ilan sa mga ito ay unti-unting nakalilimutan na.

Kaugnay nito, mahalagang maitala ang yaman ng katutubong kaalaman at kultura ng mga Taclobanon kaugnay sa tradisyonal na paraan ng panggagamot. Maituturing ito bilang yaman ng panitikang lokal na dapat maitala upang magsilbing kalinangan at pagkakakilanlan ng mga Taclobanon. Ayon kay Salazar [7], ang kasaysayang etniko, na tatawagin natin ditong kasaysayang-bayan, ang siyang maiuugnay sa kasaysayang pampook at pambansa at dahil dito`y dapat isulat sa wika ng kabuuang pambansa, para sa mamamayan nito. Ninanais ng kasalukuyang mananaliksik na makalikom ng mga impormasyong pang-etniko na tumatalakay sa malalim na pag-uugat sa kultura ng panggagamot na madalas pahapyaw o hindi natatalakay na makatutulong sa pag-unawa at pagpapahalaga ng mga pangkaraniwang mamamayan at kabataan sa katutubong kaalaman at kultura sa panggagamot. Inaasahang magiging isang munting kontribusyon ang pag-aaral sa pagpapalakas ng kaalamang katutubo at kasanayan. Gayundin, isa itong pagsisikap namakaambag sa pagsusulat ng isang makahulugang salaysay o pagsasadokumento ng isang bahagi ng mayamang kultura ng mga Pilipino gamit ang wikang Filipino at bilang tugon sa Republic Act No. 7356 nabuo ang National Commission for Culture and the Arts (NCAA) na may mandatong maitaguyod at maprotektahan ang makasaysayang kultura at pamana ng bansa [8].

#### **LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Layunin ng pag-aaral na makalikom ng mga impormasyong pang-etniko na tumatalakay sa malalim na pag-uugat sa katutubong kaalaman at kultura sa panggagamot ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte.

#### **METODOLOHIYA**

Ginamit ang desinyong etnograpiya sa pangangalap ng mga impormasyon kaugnay sa katutubong panggagamot ng mga Taclobanon ng Lungsod Tacloban. Saklaw sa gawaing ito ang

panayam, pakikipagkuwentuhan, obserbasyon, pagrerekord sa mga salaysay ng mga impormante na may malawak na kaalaman sa tradisyonal na paraan ng panggagamot. Pinagbatayan ng pag-aaral na ito ang Lungsod Tacloban ng Hilagang Leyte sapagkat ito ang sentro ng bayan ng lalawigan ng Leyte.

Nasa *purposive sampling* ang paraan sa pagpili ng dalawang barangay na kumakatawan sa Lungsod Tacloban, ibinatay ito sa mga salik na nakaiimpluwensiya sa paglinang ng panitikang Pilipino gaya ng: (a.) liblib na lugar (b.) baybaying-dagat (coastal) (c.) kabundukan (upland) at (d.) sentro ng bayan ng lalawigan ng Leyte. Napili ang Brgy. Camansihay (upland) at Brgy. Old Kawayan (coastal) ang dalawang barangay na ito ang nakatutugon sa mga salik na nabanggit. Nasa paraang *purposive sampling* din sa pangangalap ng impormante na kung saan bukas ang mananaliksik sa pagkuha ng impormante depende sa kawilihan at sa panahong handang ilaan sa oras ng panayam. Pinagbatayan din sa pagkuha ng impormante ang sumusunod: (a.) edad 55-pataas (b.) ipinanganak at naninirahan sa komunidad na hindi bababa sa 15 taon (c.) inirekomenda ng residente at opisyal ng barangay na maalam sa katutubong panggagamot (d.) Matandang Taclobanon na handang magbahagi ng kaalaman kaugnay sa panggagamot. Sa pangangalap ng impormante ay isinaalang-alang nito ang paghingi ng pahintulot bago ang panayam, kawilihang magbahagi ng kaalaman sa panggagamot at ang anonimite ng impormante.

*Semi-structured* na talatanungan ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na kung saan bukod sa mga tanong na makikita sa talatanungan ay bukas din ang mananaliksik at mga impormante sa mga karagdagang tanong at sagot sa oras ng panayam. Ibinatay ang ilang katanungan sa pagkuha ng mga impormasyon sa “Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Sentro at Kultura (SWAK) [9]. Dalawang beses sinuri ang talatanungan ng mga piling propesor sa wika at panitikan ng Pamantasang Normal ng Leyte, bago at pagkatapos isagawa ang pinal na rebisyon ng instrumento.

Sa pangangalap ng datos ay humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kapitan ng dalawang barangay sa pamamagitan ng liham na nagpapahintulot na makapagsagawa ng panayam sa kanilang lugar. Sa tulong ng mga opisyal at residente ng barangay ay natukoy ang mga impormanteng magbibigay-kaalaman kaugnay sa katutubong panggagamot. Sa pagbibigay-pahintulot at kawilihang inilaan ng mga impormante ay naisagawa ang

panayam. Karaniwang usapan ang daloy ng panayam, sa pamamagitan ng *voice recorder* ay naitranskrayb ang panayam at isinalin sa wikang Filipino ang mga nabanggit na paniniwala kaugnay sa katutubong paraan ng panggagamot. Sa pagsasalin ay pinanatili ang mga salitang kultural sapagkat mahalaga ito sa pagpapaunlad na leksikograpiyang Filipino. Isinagawa ang pagsusuring tematiko na kung saan ibinatay ang katutubong paraan ng panggagamot sa siklo ng buhay ng mga Taclobanon mula sa panggagamot sa paglililihi at panganganak, sanggol /bata, pagdadalaga at pagbibinata, at pagkakasakit.

## RESULTA AT PAGTATALAKAY

Sa katutubong panggagamot sa paglililihi at panganganak ayon sa Talahanayan 1, karaniwan na sa mga Taclobanon ang pambubulong sa pamamagitan ng *harô* (mga halamang gamot na nakasilid sa banga na may tubig) na ipinapaligo sa buntis upang hindi ito mahirapan sa panganganak. Ipinapaligo rin ang *harô* sa unang araw sa pagpapaligo ng buntis na nakaupo sa nakatihayang itak upang hindi siya mabinat. Ibinubulong din mula sa mga bagay na malihian ang sanggol sa pagnanais na maging makinis ang pisngi, maging mabango at hindi magtatae ang sanggol. Iniuugnay rin sa bulong ang *pangasa* (paunang hakbang) na kung saan kakainin ng bagong panganak ang lahat ng pagkaing pangontra sa binatang tulad na lamang sa isdang *bisolan* (makamandag) at duguin, gulay na kumukupas ang kulay at iba pa upang sa susunod niyang panganganak ay hindi siya mabinat. Bukod sa bulong, ang luob ay isa ring paraan ng panggagamot ng mga Taclobanon, tulad na lamang sa pagpapausok ng anumang tirang nakain ng buntis na siyang ikinabinat niya katulad ng buto, tinik at iba, sinasamahan ito ng orasyon o panalangin na manumbalik ang lakas ng bagong panganak. Ang *pagbanyos* o pagpahid ng sinunog na dahon ng duhat at *usod* (abó) sa tiyan ng buntis upang mawala ang *lakis* o mga ugat na nakaguhit sa tiyan ng buntis ay isa ring paraan sa panggagamot ng matatanda upang maging makinis ang tiyan ng buntis sa araw ng kanyang panganganak. Ang pagbulong, *pangasa*, luob at pagpahid ay isinasagawa ng matatandang kaanak ng buntis na may alam sa tradisyonal na paraan ng panggagamot.

Sa katutubong panggagamot ng mga Taclobanon sa sanggol at bata ayon sa Talahanayan 2 ay nakaugalian na ng mga matatanda ang pagluob o pagpapausok gamit ang unang putol ng kuko, unang gupit ng buhok, at kaputol ng pusod ng sanggol,

kadalasan sinasamahan ito ng orasyon na pinangangasiwaan ng matatandang kaanak ng pasyente at albularyo, pinaniniwalaan na mabisa itong gamot sa *ugmad* (matinding takot) ng sanggol. Ang *ugmad* ay may iba-ibang anyo tulad ng *ginpupusod* (matinding lagnat) at *ginpupunó* (panlalambot sa noo), ayon sa mga impormante, nakukuha ang *ugmad* mula sa pangangalunya at mga gawaing ikinabigla at ikinatakot ng magulang.

Bukod sa *pagluob* ay ginagamit din ang bulong, isang matandang anyo ng panalangin sa pagnanais na makamtan ang kagandahang pisikal ng sanggol, katulad na lamang sa pagpahid ng kaputol na pusod ng sanggol sa kanyang pisngi sa paniniwalang magkakaroon ito ng biloy at sa pagpahid ng bawang at *surot* upang magpantay-pantay ang pagtubo ng ngipin ng bata. Ibinubulong din ang kaputol ng pusod ng sanggol upang hindi maging iyakin at makakalimutin ito sa pamamagitan ng pagsabit nito sa tapat sa higaan ng sanggol. Ginagamit din ang kaputol ng pusod ng sanggol sa pamamagitan ng pagpapainom nito bilang gamot sa pananakit sa tiyan ng sanggol.

Nakaugalian na rin ng mga Taclobanon ang pagpapagaspas ng tatlong beses sa batang dinapuan ng *sapil* (pamamantal sa nguso) at *púno* (pangangati sa balat) na sinasamahan ito ng orasyon, kadalasan ang nangangasiwa sa panggagamot nito ay ang taong *sarapilan* (taong dinapuan ng matinding sapil) at *punúan* (taong dinapuan ng matinding púno). Bahagi rin ng panggagamot sa sanggol ang *pag-uslob* o pagpapainit sa baga ng dahong luya at ipinaamoy ng albularyo sa batang dinapuan ng matinding lagnat. Nakaugalian na rin ng mga magulang ang pagpahid ng *lipstick* at uling sa noo upang hindi mausog ang sanggol at kung nausog man ay pinapahiran ito ng laway ng taong nakausog sa kanya.

Ayon sa Talahanayan 3, na sa kanayunan ay nakaugalian pa rin ang tradisyonal na paraan ng pagtutuli sa bata, ginagamit ang *duknay* (damo sa saka), *lukdo* (kahawig ng halamang pakô) at *marokbarók* (pinong-pinong bahagi ng niyog, makati ito sa balat `pag masagi), pinaniniwalaan na nakapagpapatuyo ito sa sugat sa ari ng bagong tuli, pinangangasiwaan naman ang pagtutuli ng taong may malawak na karanasan sa pagtutuli.

Nakaugat na rin ang paniniwala ng mga Taclobanon sa bulong, sa unang regla ng babae ay ibinubulong sa tatlong pirasong rosas na magmula-mula ang pisngi nito sa pamamagitan ng pagpahid nito sa kanyang pisngi, pagbulong sa pamamagitan ng pagpahid sa mukha sa unang regla ng babae upang

maging makinis ang mukha nito, paghakbang sa gabi upang mabulungan na hindi tagisan ito ng regla at madaling matanggal ang panting nireglahan ng babae. Ganoon din sa paghakbang sa tatlong baitang ng hagdan sa paniniwalang aabot lamang sa loob ng tatlong araw ang pagrereglan ng babae. Sa pagsasagawa ng bulong ay palaging nakaagapay ang ina upang gabayan ang anak kung ano ang dapat gawin sa kanyang pagrereglan.

Sa Talahanayan 4 ay nasasaad ang katutubong panggagamot sa mga karaniwang karamdaman, hilo at kulam. Sa mga Taclobanon, ang pagkakasakit ay nauuri sa tatlo, katulad sa karaniwang sakit, kulam na gawa ng tao, at kulam na gawa ng masasamang elementong `di nakikita. Sa katutubong panggagamot sa tuklaw ng makakamandag na insekto ay karaniwang ipinapahid ang laway ng ari ng babae sa tiyak na bahagi ng katawang natuklaw. Bukod sa pagpahid ay nakaugalian na rin sa kanila ang *pagluob* o pagpapasok mula sa mga tirang kinain ng pasyente na naging sanhi sa pamamanhid ng katawan, binatang at pananakit sa mga kasukasuan, ang *pagluob* ay sinasamahan ng bulong o orasyon na pinangangasiwaan ng matandang maalaman sa pambubulong. Sa mga tagapampang, nakasanayan na rin ang paglibing ng mga paa sa buhangin sa dalampasigan upang mawala ang sakit sa mga kasukasuan.

Sa lason na gawa ng tao, madalas pinapainom ito ng *tambalagisa* (mapait at maliliit na boto) at maisusuka ang pagkaing nakalason sa tao. Ayon sa mga impormante, maraming klase ang lason, may lason na agad mamamatay ang tao at may lason na matagal ang epekto nito sa tao, kung matagal ang epekto nito sa tao ay mahirap tukuyin kung sino ang naglason sa`yo sapagkat itim na itim at parang putik na ang itsura ng pagkaing nakalason sa iyo. Sa mga taganayon, ibinabakus na boteng may *lana* ang panlaban sa lason, malalaman na ang iniaabot sa`yo na inumin o pagkain ay may lason sapagkat kumukulo at lumilitak ito. Sa kulam na gawa ng *kahuyon* (masamang elementong `di nakikita), may mga palatandaan na nakulam ang tao katulad na lamang sa pananakit sa kasukasuan, pabalik-balik na lagnat, pagkabalisa at hindi nagagamot ng medisina, *tayhop* o buga na may kasamang orasyon ang midyum ng panggagamot ng albularyo, sa pamamagitan ng pagtatawas ay malalaman kung tao o engkanto ang kumulam sa`yo. Ibinibigay ng albularyo ang *relikyas* (dinasalang kaprasong papel na inilalagay sa pulang

tela o basyo ng bala) panlaban sa kulam na gawa ng tao at engkanto.

Ang katutubong panggagamot ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte ay may pagkakaugnay rin sa ibang lalawigan ng Pilipinas katulad na lamang sa pag-aaral ni Apostol [10] na ang pagtatawas ay karaniwanang pamamaraan na ng ilang albularyo sa pagtuklas kung ano ang sanhi ng karamdaman ay masamang kulam. Napatunayan ito sa pag-aaral ni Alicia [11] tungkol sa konsepto ng kulam sa sikolohiyang panlipunan sa Kabite, nabatid na ang kadalasang sanhi ng pagkakulam ay inggit o galit mula sa isang taong malapit o kilala rin mismo ng biktima na binibigyan ng lunas sa pamamagitan ng mga dasal, ritwal o gamot na gawa ng isang albularyo o eksperto sa kulam. Sa teoryang pagkataong Pilipino ni De Guia [12] nakaugat sa kulturang Pilipino na bago pa dumating ang mga Kastila ay kalimitan sa mga rural na lugar ay gusto ang “*shaman*” o mga katutubong manggagamot o pari, dahil sa pagiging malikhaing indibiduwal at may malawak na karanasan at kalinangang bayan. Sa katunayan, sila ay iginagalang bilang tagapag-ingat ng sinaunang kaalaman at tagabantay ng mga kaalaman ukol sa panggagamot, magmula sa iba’t ibang katangian ng mga halaman sa kapaligiran hanggang sa sikolohikal na aspekto ng buhay na nakakatuulong nang ganap sa mamamayan.

Ang katutubong panggagamot ay magkaugnay sa kultura, nakasalig sa teoryang *cultural relativism* [13] na ang lahat ng paniniwala, kaugalian at gawi ay nakadepende sa kulturang ginagalawan ng indibiduwal o ng sosyedad. Sa ibang salita, ang “mali” at “tama” ay depende sa kultura; ang itinuturing na moral o mabuti sa isang kultura ay maaaring ituring na masama o immoral sa isang kultura, at dahil walang pangkalahatang pamantayan ng moralidad ang umiiral. Mula sa mga katutubong panggagamot ng taganayon at pampang ng Tacloban ay may mga paniniwalang taliwas sa pamantayan ng nakararami tulad sa pagpapahid ng laway sa batang nausóg, pagpapahid sa laway mula sa ari ng babae para mawala ang kamadag sa kagat ng alupihan at iba pa ay masasabing tama para sa mga taganayon at pampang ng Tacloban ngunit sa iba pang paniniwala ay hindi. Ganoonpaman ay dapat itong iginalang sapagkat iba-iba ang kultura ng bawat etniko.

#### KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Buhay na buhay pa ang tradisyonal na paraan ng panggagamot sa Lungsod Tacloban ng Hilagang Leyte, ilan sa mga katutubong panggagamot na sinusunod ng mga Taclobanon ay *pagluon* o *pagluob*

(pagpapausok ng mga halamang gamot at mga bagay na siyang sanhi sa pagkakasakit ng tao), *tayhop* o pagbuga sa ulo na sinasamahan ng orasyon, *pag-uslob* o pagpapainit sa baga ng mga halamang gamot at ipinapahid sa katawan o ipinaamoy sa pasyente, *pagpaspas* o pagpagaspas sa tiyak na bahagi ng katawang namamantal, *pangasa* ( pasimulang hakbang) para hindi mabinat ang bagong panganak.

Sa panggagamot ng mga matatanda at albularyo ay mahalaga ang papel sa *bulong*, ang bulong ay nasa anyong panalangin o orasyon na sinasamahan ng hiling upang magamot ang pasyente, may anyo rin ng bulong na ginagamit ang mga halamang gamot at iba pa upang malihian ang buntis, sanggol at pagrereglang ng babae. Upang makaiwas sa kulam at lason ay may itinataling *relikyas* o anting-anting ang mga taganayon, ang relikyas ay maaaring bote na may lamang lana at tela o basiyo ng bala na may lamang kapisang papel na dinasalan ng albularyo.

Mahalagang maidokumento ang katutubong paraan sa panggagamot ng Hilagang Leyte sapagkat ito ay bahagi ng kulturang namana sa ating mga ninuno. Salamin o timbulan ito ng pagkakakilanlan at kalinangang naglalarawan sa ating pagka-Pilipino. Nakatutulong din ito sa preserbasyon at pagpapaunlad ng panitikang lokal at pagpapayaman ng mga salitang kultural na makikita pag-aaral na ito. Sa pagsasakatutubo sa paraang ng panggagamot ng mga Taclobanon, sa malalim na pagtakay nito ay magagabayan ang komunidad kung ano ang iba pang alternatibong paraan sa panggagamot na nagmula sa malawak na karunungan ng ating mga ninununo na hindi kailanaman masasagot ng siyensya at medisina.

#### MGA SANGGUNIAN:

- [1] Tan, Michael. (2008). *Revisiting Usog*, Pasma, Kulam. Quezon City: University of the Philippines Press.
- [2] Salazar, Zeus. (2010). "Ang Babaylan Sa Kasaysayan Ng Pilipinas." *Kababaihan Sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Ed. Mary Dorothy Jose and Atoy Navarro. South Triangle, Quezon City: C & E.
- [3] *Who Global Report on Traditional and Complementary Medicine*. ISBN-978-92-4-151543- 6.
- [4] Villapa, Jyferon A. *Katutubong Panggagamot ng Pangkat-etnikong P I 'w n sa Rooke's Point at Bataraza Palawan*. Departamento ng Kasaysayan De La Salle University - Maynila, Pilipinas Tomo 6, Bilang 1 | Mayo 2017.
- [5] Zafra, Reynele Bren G. (2016). *Suob, Buga, Sikolohiya: Isang Pag-aaral sa Kultura ng Tradisyunal na*

- Panggagamot sa Pagbilao, Quezon. De La Salle University (DLSU), Manila, Phil. DIWA E-Journal.
- [6] Paderan, Mark Philip C. (2018). Narratives of Folk Healers in Bato, Camarines Sur. Unpublished Thesis. Bicol University, Graduate School, Legazpi City.
- [7] Salazar, Zeus. 1986. Paunang Salita sa Kasaysayan ng Bulakan ni Jaime B. Veneracion. Nasa Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan mga Pat. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan, 45-53. Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997.
- [8] Republic Act No. 7356 (An act creating the national commission for culture and the arts, establishing national endowment fund for culture and the arts and for the other purposes.
- [9] Sentro ng Wika at Kultura. Gabay sa lingguwistikong etnograpiya. University of the Philippines- Diliman, Manila, Philippines.
- [10] Apostol, V. M. (2010). Way of the Ancient Healer: Sacred Teachings from the Philippine Ancestral Traditions. Berkeley, California.
- [11] Alicio, Ma. Teresa Ruby M., et al. (2009). Ang Konsepto ng Kulam sa Sikolohiyang Panlipunan sa Kabite. Undergraduate thesis, De La Salle University-Dasmariñas.
- [12] De Guia, Katrin. (2005) “Ang Pagkataong Filipino: A Theory of Filipino Personhood”. In KAPWA: The Self in the Other. Pasig City: ANVIL Publishing.
- [13] Cultural\_Anthropology/History\_of\_Anthropological\_Theory <https://en.wikibooks.org/wiki/>.

#### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).

**Talahanayan 1: Katutubong panggagamot sa paglilihi at panganganak ng mga Taclobanon**

<i>Gamit sa Panggagamot</i>	<i>Paraan ng Panggagamot</i>	<i>Bisa ng Gamot</i>
<i>Kalingag, Kalipayan</i> at iba pang halamang gamot sa binatang tinatawag itong <i>harô</i>	Ilagay sa loob ng banga ang mga halamang gamot at haluan ito ng tubig. Ipinapaligo ito pagpasok ng buntis sa paanan ng pinto bago tumuloy sa kanilang bahay pagkatapos ng eklipse	Pinaniniwalaan ito na hindi mahihirapan sa panganganak ang buntis.
duhat o kalamansi at <i>usôd</i> (init ng abô na nalilikha ng apoy mula sa pinagsaingan)	Hinihiwa ang duhat o kalamansi at hinaharuan ng <i>usôd</i> at pinalalamig ito saka ipinapahid sa tiyan ng buntis.	Mabisang pang-lis sa naka- dikit na <i>lakip</i> (maliliit na ugat sa tiyan ng buntis).
unang itlog ng inahing manok	Ipinapahid sa pisngi ng sanggol at sinasamahan ito ng bulong o orasyon.	Bulong upang kuminis ang pisngi ng sanggol hanggang sa kanyang pag-laki
isdang <i>bisolan</i> , (makamandag ang tinik), pagkaing kumukupas ang kulay at iba pang huli sa pamamagitan ng dinamita	Iniluluob ito sa bagong panganak at sinasamahan ng orasyon	Mabisang gamot sa binatang ng bagong panganak.
isdang <i>bisolan</i> , isdang duguin, gulay na kumukupas ang kulay kagaya sa <i>harom</i> (dahon na pansangkap sa ginataang gulay	Kinakain ito ng ina sa unang silang na anak tinatawag itong <i>panhungod</i>	Pinaniniwalaan na kapag makain ito ay hindi na mahihirapan sa panganganak ang buntis
halamang gamot na <i>agdaw</i> (mabango na halamang gamot)	Inihahalo sa maligamgam na tubig at ipinapaligo ito sa bata	Bulong upang malihian ang sanggol na maging mabango ito at hindi magtatae.
<i>haro</i> o mga halamang gamot at itak	Ipapaligo ang <i>haro</i> sa bagong panganak na nakaupo sa nakatihayang itak	Mabisang bulong sa binatang.

**Talahanayan 2 : Katutubong panggagamot sa sanggol/ bata ng mga Taclobanon**

<i>Gamit sa Panggagamot</i>	<i>Paraan ng Panggagamot</i>	<i>Bisa ng Gamot</i>
unang gupit ng buhok ng sanggol at mga sangkap sa pagluob gaya ng mga dahon na ipinamalaspas sa Mahal na Araw	Isinasama ang unang gupit ng buhok ng sanggol sa mga dahon na ipinamalaspas sa Mahal na Araw at iniluluob sa batang may <i>ugmad</i> ( matinding takot).	Gamot sa <i>ugmad</i> (matinding takot).
unang putol ng kuko ng sanggol at mga halamang gamot para sa pagluob	Isinasama ang mga pinutol ng kuko ng sanggol sa mga halamang gamot na isinasangkap sa pagluob, sinasamahan ito ng orasyon.	Gagamot sa <i>ugmad</i> (matinding takot).
unang putol ng kuko ng sanggol	ibinubulong sa sanggol	Bulong na hindi mabalian ang buto ng bata.
kaputol ng pusod ng bagong silang na sanggol	Ibinibilad ito saka isasangkap sa pagluob.	Gamot sa <i>ugmad</i> .
kaputol ng pusod ng bagong	Ibinibilad at ibinababad sa tubig	Gamot sa <i>ugmad</i> .

**Amat, Sikolohiya ng Katutubong Panggagamot ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte**

silang na sanggol	saka ipinadidimdim sa labi ng sanggol.	
kaputol ng pusod nga bagong silang na sanggol	Pinatutuyo at ibinababad sa tubig saka ipinaiinom sa nakatatandang kapatid .	Bulong upang hindi mag-away away ang magkakapatid.
kaputol ng pusod ng bagong silang na sanggol	Ipinapahid sa pisngi na may kasamang orasyon.	Bulong na magkaroong ng biloy ang sanggol.
kaputol ng pusod ng bagong silang na sanggol	Ibinibilad at pinapakuluan sa tubig saka ipinaiinom sa pasyente.	Gamot para sa sakit sa tiyan ng sanggol.
kaputol ng pusod nga bagong silang na sanggol	Isinasabit saka ibinubulong sa sanggol.	Bulong upang hindi maging iyakin ang sanggol.
kaputol ng pusod ng bagong silang na sanggol	Ipinatutuyo at isinasabit ito sa tapat sa tulugan ng sanggol	Bulong upang hindi maging makakalimutin ang sanggol.
dugos o dinikdik na ugat ng kugon o <i>surót</i>	Ipinapahid sa gilagid ng bata at sinasamahan ito ng bulong o orasyon.	Bulong sa pangingipin ng bata.
bawang	Ibinubulong sa sanggol.	Bulong sa pagngingipin ng bata
damit ng batang <i>nasapil</i> (pamamantal sa nguso)	Pinapagaspasan ng tatlong beses ng <i>sarapilan</i> ( taong nakaranas ng <i>sapil</i> ) saka sinasamahan ito ng orasyon.	Bulong na mawala ang <i>sapil</i> ng bata.
sarumót o hibla ng tela mula sa pinaghubarang damit ng batan o damit ng kanyang magulang	Pinapakuluan ang <i>sarumót</i> saka ipinapadimdim sa labi ng sanggol.	Gamot sa <i>ugmad</i> ng sanggol.
dahon ng luyang dilaw	<i>iniuuslob</i> (ipinapainit) sa бага at ipinaamoy sa bata	Gamot sa <i>ginpupusod</i> (matinding lagnat) na sanggol.
suot na damit ng magulang	Ipinapagaspas ito at sinasamahan ng orasyon na pinangangasiwan ng <i>punúan</i> (taong dinapuan na rin ng pangangati sa balat).	Bulong sa <i>púno</i> (pangangati sa balat) ng sanggol.
uling o <i>lipstick</i>	Ipinapahid sa noo ng sanggol.	Mabisang panlaban sa usog.
laway ng taong nakausog sa sanggol	Ipinapahid sa noo ng sanggol nang pakrus .	Mabisang panlaban sa usog.

**Talahanayan 3: Katutubong panggagamot sa mga karamdaman ng pagbibinata at pagdadalaga**

<i>Gamit sa Panggagamot</i>	<i>Paraan ng Panggagamot</i>	<i>Bisa ng Gamot</i>
<i>duknay</i> (damo sa saka) at <i>lukdo</i> , (kahawig ng halamang pakô)	Iniluluob sa sugat ng bagong tuli.	Gamot upang maiwasan ang pamamagâ sa ari ng bata.
<i>marokbarók</i> (pinong-pinong bahagi ng niyog, makati ito sa balat `pag masagi)	Ipinapahid sa sugat ng bagong tuli.	Nakatutulong upang hindi mamagâ at matuyo ang



		sugat sa ari.
tatlong pirasong rosas	Pipigain ang tatlong pirasong rosas at ihahalo sa isang tabong tubig at ipapahid sa pisngi ng babaeng dinatnan ng unang regla.	Nakatutulong upang mawala ang tigyawat at magmula-mula ang pisngi na babae.
puti ng itlog	Ipinapahid sa pisngi ng dalaga at binata.	Nakatutulong upang mawala ang tigyawat sa mukha.
regla na babae	Ibinabanlaw sa tubig at ipinamumunas sa mukha ng babae	Naktutulong na kuminis ang ang pisngi.
dahon ng gabi	Hinahakbangan ng tatlong beses at sinasamahan ng orasyon.	Bulong upang umabot ng tatlong araw lamang ang regla.
mapapait na inumin gaya ng alak	iniinom	pampaobra sa regla

**Talahanayan 4. Katutubong panggagamot sa mga karaniwang karamdaman, hilo at kulam**

<i>Gamit sa Panggagamot</i>	<i>Paraan ng Panggagamot</i>	<i>Bisa ng Gamot</i>
laway sa ari ng babae	Ipinapahid ito sa bahagi ng katawan na natuklaw ng alupihan at isdang pagi	Gamot upang mawala ang kamandag sa katawan ng tao.
butó ng kalabaw	Iniluluob ang usok mula sa sinunog na butó ng kalabaw sa tiyak ng bahagi ng katawang namamanhid.	Gamot sa pamamanhid ng katawan.
Buhangin sa dagat	Inililibing ang mga paa sa buhangin Sa dalampasigan.	Mabisang gamot para sa Nananakit na kasukasuan
<i>Relikyas</i> (dinasalang Kapisaso ng papel na Inilagay sa pulang tela na nakaburdang krus)	Isinasabit sa baywang na bata.	Mabisang bulong para makaiwas sa anumang karamdaman.
<i>tambalagisa</i> (mapait at maliliit na botong gamot sa lason)	ipaiinom sa taong nalason	mabisang gamot sa lason
mga pagkain at inumin	iaalay sa lugar na naengkanto ang tao	mabisang bulong sa <i>darahog</i> (naengkanto)
<i>tayhop</i> (buga)	Hinihipan ang ulo at sinasamahan ng orasyon ( <i>tayhop</i> ) ng albularyo.	mabisang gamot sa kulam
<i>bakús</i> (tali-taling panlaban sa kulam)	itinatali sa katawan ang kwentas na bala	mabisang panlaban sa <i>barang</i>